# Balitang Manmin

BILANG 100 ENERO 19, 2014


# Mga Awiting Papuri sa Diyos na Puno ng Kabanalan, Pag-ibig, at Pag-asa

## Binabago ang Kalooban at Pinapalago ang Pananampalataya ng Lahat ng Miyembro ng Manmin



Naglalaman ng hininga ng Diyos at nagpapaluwalhati ng kalooban ng mga miyembro ang bawat salita at himig ng Papuri ng Manmin. Mayroon itong pag-ibig ng Panginoon at pag-asa para sa Langit.

Ikinalulungkot ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee na ang mga papuri ng kasalukuyang henerasyon ay parang walang kaugnayan sa Diyos. Binuo niya ang Komite ng Pagtatanghal na kinabibilangan ng mga grupo ng mananayaw at manganganta. Sila ay naghahandog ng mga papuring kinalulugdan ng Diyos.

Kung binigyan ng Diyos ang mga Israelita ng mga awitin na magpapaalala sa kanila sa Batas at pag-ibig Niya (Deuteronomio 31:19, 22), binigyan din Niya ang Manmin Central Church ng mga papuri para sa lahat ng miyembro sa buong mundo. Tinawag itong 'Manmin Praise'.

Ang mga miyembro ng iglesya, pati ang may 10,000 sangay at katuwang na mga iglesya ay nagagalak sa pagkanta ng mga Papuri ng Manmin sa kanilang pagsamba, mga pulong, pulong panalangin, at kahit sa araw-araw nilang buhay. Dahil sa mga awiting ito, naging dalisay ang puso ng mga miyembro. Natupad nila ang mabuting kalooban na gusto ng Diyos. Dahil sa mga papuri, nagkaroon sila ng lubos na pagsisisi, napuspos sila ng Banal na Espiritu.

Popular din ang Papuri ng Manmin kahit sa ibang bansa, kaya isinalin ito sa wikang Ingles, Hapon, Intsik, at Ruso. Kinakanta na ito sa iba't ibang wika. At naisalin na rin ito sa wikang Kastila, Tagalog (Pilipinas), at Tamil (India).

Sinabi ni Pastor Persiyal Rajadurai ng Madurai Manmin Holiness Church sa India, "Isinalin namin ang Papuri ng Manmin sa wikang Tamil, kinakanta namin ito. Sinabi sa akin ng mga miyembro ng iglesya na nagkakaroon sila ng pagpapala. Napupukaw nito ang emosyon sa kaibuturan ng puso nila, napapaluha sila habang nagpupuri."

Sinabi ni Smika Kumagai, lider ng papuri ng Ida Manmin Church sa Japan, "Kahit basahin lang ang mga titik ng Papuri ng Manmin, nadadama namin ang pag-ibig ng Diyos Ama, ng Panginoon, at ng pastol. Naiiba ito sa ibang kantang tungkol sa ebanghelyo. Napakaganda din ng himig nito, tumatagos sa puso. Nagkakaisa ang mga miyembro kapag naghahandog kami ng mga papuring puspos ng Espiritu."

Ipinamahagi ni Pastor Dmitry Petrovsky ang Papuri ng Manmin sa lahat ng sangay na iglesya sa Israel. Sinabi niyang napakalaking pagpapala ang ibinigay sa kanya ng mga papuring ito na mula sa Diyos. Sinabi pa niya, "Humahanga ako sa himig na napakaganda, hindi ko naisip ito kahit musika ang tinapos ko sa kolehiyo. Napakamagiliw ng mga titik nito." Inawit ang Manmin Praise sa maraming okasyon at krusada sa Israel. Nagdadala ito ng malaking pagpapala at malalim na inspirasyon sa mga dumadalo.

Ang mga papuri ay tinipon at ginawan ng limang album: Ang una ay may titulong 'The Heart of the Shepherd'; ang mga sumunod ay 'Devotion'; 'Heaven'; 'Hope'; at ang panlima ay 'Space'. Gumawa din ng edisyon sa wikang Hapon, naglalaman ito ng dalawampu't anim na kanta na pinili mula sa mga kanta sa album.

Ipinapalabas din ng GCN (www.gcntv.org) para sa mga manonood ang 'We Offer Up Praises', na pinangungunahan ng lider ng papuri na si Rose Han. Nagbibigay ito ng pagtuturo tungkol sa pamamaraan kung paano kakantahin ang mga Papuring Manmin tulad ng tamang emosyon, boses, at paghinga. May isa pang programa na pinangungunahan naman ni Diakonesa Jin Lee, siya ang gumagawa ng areglo ng mga Papuring Manmin, ito ay 'Fragrance'. Layunin ng programang ito na ituro sa mga manonood ang espirituwal na kahulugan ng mga papuri, mga dagdag kaalaman tungkol sa musika, at pagtugtog ng mga instrumento.

Balitang Litrato

### *Ang Mensahe ng Krus* at *Langit I* sa wikang Intsik – mababasa na sa e-books ng amazon.com



Mula pa noong Nobyembre 27, 2013, mababasa ng ang mga libro ni Dr. Jaerock Lee na *Ang Mensahe ng Krus* at *Langit I* sa wikang Intsik sa pamamagitan ng e-books sa www.amazon.com. Sa kasalukuyan, 90 libro na sinulat ni Dr. Lee ang mababasa sa e-books. Ito ay may siyam na wika – Intsik, Ingles, Kastila, Frances, Portuguese, Hapon, Finnish, German, at Italiano – nakakarating ito sa buong mundo.

At ang ministeryo ng pagbabahagi ng mga libro ng mga Intsik na nasa ibang bansa ay nakakatawag din ng pansin. Ipinakalat ng Grace Publishing House, isang kilalang tagapaglathala sa Taiwan ng mga librong may kinalaman sa pagiging Cristiano ang 53 libro sa mga aklatan sa Taiwan at 31 tindahan ng libro sa Estados Unidos, Canada, Australia, Malaysia, Hong Kong, at Singapore; at nilimbag at ipinakalat din ng Manmin Publisher ang sampung libro niya sa pinadaling wikang Intsik sa buong Malaysia.

# Mapapalad ang mga Inuusig Dahil sa Katuwiran

"Mapapalad ang mga inuusig dahil sa katuwiran, sapagkat kanila ang kaharian ng langit. Mapapalad kayo kapag kayo ay nilalait, inuusig, at pinagsasabihan ng sari-saring kasamaan na pawang kasinungalingan dahil sa Akin. Magalak kayo at magsaya, sapagkat malaki ang gantimpala ninyo sa langit, sapagkat gayon din nila inusig ang mga propeta na nauna sa inyo" (Mateo 5:10-12).



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

Walang taong gustong dumaan sa pag-uusig. Pero sinabi ni Jesus na kung dadaan kayo sa pag-uusig para sa katuwiran, ito ay tunay at walang hanggang biyaya. Kung isusuko natin ang lahat ng bagay para sa Panginoon, tatanggapin natin ang biyaya ng buhay na walang hanggan at may kalakip itong pag-uusig. Anong kahulugan ng 'usigin para sa katuwiran'? Anong biyaya ang kasunod nito? Bakit sinabi ni Jesus na magalak tayo kapag inuusig dahil sa katuwiran?

### 1. Anong kahulugan ng usigin dahil sa katuwiran?

Ito ang pag-uusig na haharapin natin kapag nabubuhay tayo ayon sa Salita ng Diyos at sumusunod sa katotohanan, kabutihan, at liwanag. Siyempre, hindi tayo uusigin kung hindi natin isinasabuhay ang tamang buhay ng isang Cristiano. Sinasabi sa 2 Kay Timoteo 3:12, "Tunay na ang lahat ng ibig mabuhay na may kabanalan kay Cristo Jesus ay daranas ng pag-uusig." Kung susundin natin ang salita ng Diyos, maaaring magkaroon tayo ng pagdurusa o pag-uusig nang walang dahilan.

Kapareho ito ng prinsipyo ng 'hindi pwedeng magsama ang langis at tubig'. Ang Diyos ay Liwanag, at ang mga nagtitiwala sa Panginoon at nabubuhay ayon sa Salita ay pag-aari ng Liwanag. Pero ang mundong ito ay pag-aari ng kaaway na diyablo at Satanas, ang pinuno ng kadiliman, kaya galit ang mundo sa mga anak ng Diyos na pag-aari ng Liwanag (Efeso 6:12).

Samakatwid, kung mawawala ang kadiliman kung mayroong liwanag, kapag dumadami ang mga mananampalataya na parang mga ilaw, mababawasan ang pamumuno ng kaaway na diyablo at Satanas.

### 2. Pag-uusig dahil sa buhay ng isang mananampalataya

Isang araw, nagpagawa ng gintong rebulto ang Hari ng Babilonia, inutusan niya ang bawat mamamayan sa bansa na sumamba dito. Hindi sumunod ang tatlong kaibigan ni Daniel dahil galit sa kasalanang pagsamba sa mga diyus-diyosan ang Diyos. Dahil dito, itinapon sila sa nagliliyab na pugon. Pero iningatan sila ng Diyos. Ni hindi nasunog kahit isang hibla ng buhok nila. Dahil sa nakita niya, kinilala at niluwalhati ng hari ang tunay na Diyos.

Sa parehong paraan, inuudyukan ng kaaway na diyablo at Satanas ang mga makamundong tao na pag-aari ng kadiliman na usigin ang mga anak ng Diyos. Ginugulo nila ang mga mananampalataya. Gayon pa man, kung nagagalak sila at may pananampalataya at nagpapasalamat, tutulungan sila Diyos, magtatagumpay sila. Maraming propeta sa Biblia ang inusig dahil sa katuwiran, pero sa halip na sumuko, nagpakita sila ng pananampalataya. Binigyang-lugod nila ang Diyos at naging mga dakila sila sa Langit.

Sa kabilang banda, may mga mananampalataya na inuusig dahil sa pagkukulang nila o dahil kulang sila sa kaalaman. Nagdudusa sila sa pang-iinsulto ng ibang tao dahil hindi ganap ang pagiging tapat nila at hindi sila nagpapakita ng magandang kalooban. Ipagpalagay nating may isang babaing mananampalataya, hindi siya naglilinis ng bahay at hindi niya inaasikaso ang asawa niya dahil tamad siya. Ginagawa niyang dahilan ang mga gawain sa iglesya. Uusigin siya dahil dito.

May mga taong nag-aakala na inuusig sila dahil tapat sila sa kaharian ng Diyos, pero sa totoo lang, ang dahilan ay hindi nila inaasikaso ang sambahayan nila. Ganito rin ang nangyayari sa mga opisina. Kung ipinapasa natin ang trabaho sa ibang tao at tinatamad tayong gumawa dahil may plano pang magsimba, hindi natin maiiwasang makarinig ng masasamang salita mula sa mga katrabaho natin. Samakatwid, dapat nating tingnang mabuti kung dahil kasalanan o pagkukulang natin ang pag-uusig na tinatanggap natin.

### 3. Biyayang ibinibigay sa mga inuusig dahil sa katuwiran

#### 1) Tatanggap sila ng walang hanggang mga biyaya

Ang mga pag-uusig na tinatanggap ng isang tao dahil sa mga sariling pagkukulang ay hindi magiging biyaya at gantimpala. Pero ang pag-uusig para sa katuwiran ay pagpapala, mayroon itong gantimpala sa Langit.

Kapag inuusig tayo para sa katuwiran, magiging matatag ang pananampalataya natin. Ang dahilan nito ay sapagkat makikita natin ang kasamaan sa kalooban natin na hindi natin nakikita noon, maiiwaksai natin ito. Kung gagawin natin ito, pwede nating tularan ang kalooban ng Panginoon na nagmamahal kahit ng mga kaaway. Dati, kapag may sumampal sa atin sa isang pisngi, magagalit tayo, gusto nating gumanti. Pero dahil sa pag-uusig, matututo tayong magmahal, magagawa nating iharap ang kabilang pisngi. Mayroon na tayong pag-asa para sa Langit, magpapasalamat tayo kahit na ano pa ang situwasyon.

#### 2) Makakapasok sila sa mas mabuting tirahan sa langit

Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng kaharian ng langit na makakamit ng dukha sa espiritu at ng kaharian ng langit na makakamit ng mga inuusig? Ang naunang binanggit ay ang buong kaharian ng langit, pangkalahatan ito, dito pupunta ang lahat ng ligtas. Pero ang huling binanggit ay para sa mga inusig para sa katuwiran, pupunta sila sa mas mabuting tirahan sa Langit.

Sa Langit, mayroong Paraiso, una, pangalawa, at pangatlong Kaharian ng Langit, at ang Bagong Jerusalem. Ang pinakamahalaga sa mga ito ay ang Bagong Jerusalem. Ang mga may dukhang espiritu ay mga taong tumanggap sa Panginoon at nagkaroon ng karapatang pumasok sa Langit. Gayon pa man, ang mga inusig para sa katuwiran ay nakapagwaksi ng kasamaan at kasalanan mula sa puso nila, lumago ang pananampalataya nila. Napabanal na sila dahil sa mga pag-uusig at pagsubok. Naglingkod na sila ng tapat sa Panginoon kaya pwede na silang pumasok sa mas mabuting tirahan – ang pangatlong Kaharian ng Langit o ang Bagong Jerusalem. Makikita nila dito ang Diyos Ama.

#### 3) Pwede nilang palakihin ang kaharian ng Diyos

Kahit natupad na natin ang katuwiran sa pamamagitan ng pagsunod sa Salita ng Diyos, hindi pa rin mawawala ang lahat ng pag-uusig. Mayroon pa ring pag-uusig na pagdadaanan ang isang Cristiano para sa Panginoon. Ito ang pag-uusig na pagdaraanan ng mga lingkod ng Diyos para sa Kaharian Niya. Walang bahid ng kasalanan si Jesus pero pinahirapan siya, nilatigo at ipinako sa krus para iligtas tayo. Naging tapat din sa apostol Pablo hanggang sa kamatayan para sa kaharian ng Diyos, hindi niya ipinagkait ang buhay niya.

Hindi nagdusa si Jesus dahil wala Siyang kapangyarihan, kundi ito'y dahil batid Niyang matutupad ang kalooban ng Diyos sa pamamagitan nito. Ginawa Niya itong may kaligayahan. Ipinangaral Niya ang kalooban ng Diyos ng may maalab na damdamin at ginawa Niya kung anong gusto ng Ama. Ganito din si apostol Pablo.

#### 4) Bibigyan sila ng mga dakilang gantimpala sa Langit

Ang dahilan kung bakit maaari tayong magalak at magsaya kapag inuusig tayo para sa pangalan ng Panginoon ay sapagkat malaki ang gantimpala sa kaharian sa langit. Lahat ng klaseng korona, ginto at may mahahalagang batong mga mansyon, at mga gantimpalang hindi maiisip, at kaluwalhatian ay naghihintay sa atin.

Tinutupad ng Diyos ang mga minimithi, mga pangangailangan, at pinapatunayang sinasamahan Niya ang mga nagagalak at nagpapasalamat habang dumadaan sa mga pag-uusig para sa Panginoon nang walang dahilan. Kung mapapagtagumpayan nila ang mga pagdurusa, lalago ang pananampalataya nila.

Samakatwid, pwede tayong magsaya sa kaibuturan ng puso kapag inuusig tayo para sa Panginoon dahil hinahangad natin ang mga gantimpala na ibibigay ng Diyos. May mahalagang punto dito – kung inuusig ang isang tao para sa Panginoon, bibigyan din ng mga biyaya ang mga taong kasama niya (Lucas 22:28-30). Kaya kapag may nakikita tayong mga taong inuusig para sa Panginoon, ipanalangin natin sila, mag-ayuno tayo at dumamay sa pagdurusa nang may tapat na puso.

Mahal kong mga kapatid, tinalakay natin ang pang-walong pagpapala sa Ang Mapapalad. Umaasa ako na tutuparin ninyo ang kaharian ng Diyos nang mas may kapangyarihan sa pamamagitan ng pagtanggap sa mga pag-uusig para sa katuwiran. Idinadalangin ko na kung gagawin ninyo ito, mananahan kayo sa Bagong Jerusalem, ang pinakamagandang tirahan sa kalangitan.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english / www.manminnews.com
Email: manminministry@manmin.org
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee    Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Ang Alpha at ang Omega, ang una at ang huli, ang pasimula at ang wakas

A

Sa Apocalipsis 22:13, sinabi ng Diyos, "Ako ang Alpha at ang Omega, ang una at ang huli, ang pasimula at ang wakas." Noong simula, walang 'pasimula' at 'wakas' sa Diyos. Nabubuhay ang Diyos bago at pagkatapos ng walang hanggan; Siya mismo ay walang hanggan. Para sa Kanya walang limitasyon ang panahon at kalawakan. Anong dahilan kung bakit Niya sinabi ito? Sa pamamagitan ng pag-unawa ng espirituwal na kahulugan ng talatang ito, damahin natin ang hindi masukat at walang hanggang pag-ibig ng Diyos na may Tatlong Persona para mas mabilis tayong maging tunay na mga anak Niya.

Ω

## Diyos Ama ang Alpha at ang Omega ng sangkatauhan

Ang Alpha at Omega ay ang una at ang huling letra sa alpabetong Griego. Noong panahong isinusulat ni apostol Juan ang "Aklat ng Apocalipsis," napakamaunlad ng Gresya. Ang "Alpha at ang Omega" ay hindi lang tumutukoy sa wika ng tao, tumutukoy din ito sa simula at wakas ng kaalaman.

Mayroong malapit na koneksyon ang sibilisasyon ng sangkatauhan at wika. Para mabuo at maipamana ang sibilisasyon, kinakailangang mayroong panitikan ng wika. Kung ang isang sibilisasyon ay mayroong napakagaling na kaalaman at husay pero walang panitikan ng wika para maisulat ang mga ito, mahirap itong ipasa sa susunod na henerasyon.

Nang likhain ng Diyos ang tao, binigyan Niya sila ng kakayahang mag-imbak ng kaalaman. Mula noong panahon ni Adan, nakaipon ng kaalaman ang mga tao kaya nakabuo na sila ng sibilisasyon. Gayon pa man, ang kaalaman at sibilisasyon ng sangkatauhan ay may limitasyon. Kung itinakda ng Diyos ang simula nito sa paglalang kay Adan, nakatakda din ang wakas nito. Ang pagdaraanan ng kasaysayan ng sangkatauhan ay nagsimula at magwawakas sa ilalim ng pinakamakapangyarihang Diyos.

Bakit binigyan ng Diyos na Manlilikha ng kaalaman ang tao at niloob na magkaroon sila ng sibilisasyon? Maiipamana ang Salita ng Diyos sa mga susunod na henerasyon kung mayroong panitikan ng wika. At kung mayroong pagsulong ng sibilisasyon, maiipangaral ang ebanghelyo sa lahat ng sulok ng mundo. Nang sabihin ng Diyos, "Ako ang Alpha at ang Omega," tumutukoy ito sa katangian ng Diyos Ama. Ito ay pagpapakilala sa Diyos Ama na lumikha sa lahat ng kaalaman at sibilisasyon ng sangkatauhan mula simula hanggang wakas.

## Ang Diyos Anak na Siyang una at huli ng kaligtasan ng sangkatauhan

Susunod, "ang una at ang huli" ay para sa Diyos na Banal na Anak, si Jesu-Cristo. Ito ay may kinalaman sa kalooban ng Diyos para sa kaligtasan sa pamamagitan ng krus. Ito ang lihim na itinago bago pa magsimula ang panahon. Ang Panginoon ang una at ang huli sa ministeryo ng kaligtasan ng sangkatauhan, na dati ay makasalanan, at dadalhin sa buhay na walang hanggan.

Ang kahulugan ng "ang una" sa Biblia ay ang Panginoon na naging bunga ng muling pagkabuhay pagkatapos ipako sa krus. Nagtagumpay Siya laban sa kamatayan, at binuksan ang daan patungo sa kaligtasan ng sangkatauhan. Ito ay ipinaliwanag sa 1 Mga Taga-Corinto 15:20.

Pagkatapos suwayin ng unang nilalang na si Adan ang Salita ng Diyos at nagkasala, itinakdang mapunta sa daan patungo sa kamatayan ang tao. Pero pagkatapos akuin ni Jesus ang lahat ng pagdurusa, nagpapako sa krus, at muling nabuhay, kahit na sinong magtiwala sa Kanya ay maaaring maligtas.

Si Jesu-Cristo ang unang bunga ng muling pagkabuhay, at nagbigay Siya ng hindi mabilang na mga bunga (Colosas 1:6). Oo nga pala, nasa unang bunga ang binhi ng buhay. Ang marilag na bunga ng Panginoon ay ang mga nakarinig ng ebanghelyo ng kabanalan at tumanggap ng buhay. Kayo ngayon ang magiging mga binhi ng buhay na 'itinanim sa lupa', at mamumunga ng marami pang bunga. Ipinapakita nito ang katotohanang mula nang mabuhay muli ang Panginoon, maaaring maligtas ang hindi mabilang na mga kaluluwa at makikibahagi sa muling pagkabuhay.

Ano ngayon ang kahulugan sa sinasabing si Jesu-Cristo "ang huli"? Nangangahulugan itong ang kalooban ng Diyos sa pagtubos sa sangkatauhan ay matatapos na kapag bumaba mula sa langit ang Panginoon (1 Mga Taga-Tesalonica 4:16-17). Ito ang sinasabi ng Biblia na ang Panginoon ay "ang huli". Matatapos ang pagtubos sa Muling Pagbabalik.

Kung ang isang magsasaka ay naninimot ng mga nahulog na pananim pagkatapos mag-aani, ang kaligtasan ng 'paninimot' ay mangyayari habang nagaganap ang Pitong-taong Malaking Kapighatian, pagkatapos ng pagliligtas ng sangkatauhan.

## Ang Diyos na Espiritu Santo na Siyang simula at wakas ng pangangalaga ng sangkatauhan

Ang dahilan kung bakit nilalang ng Diyos ang sangkatauhan at pinamamahalaan ang kasaysayan ng sangkatauhan ay para tipunin ang mga kaluluwa na 'mabubuting butil'. Ang mabubuting butil ay ang mga tunay na anak ng Diyos na tumutulad sa mabuti at banal na Diyos. Ito ay para makamit ang mga tunay na anak na nagmamahal sa Diyos. Kaya ang tinutukoy na simula at wakas ay ang simula at wakas ng pangangalaga ng sangkatauhan at ipinapakilala ang Diyos na Banal na Espiritu bilang isa sa Diyos na may Tatlong Persona.

Noong una, ang puso ng unang nilalang na si Adan ay malinis, walang kasalanan at kasamaan. Pero nang magkasala siya, naging mga alipin ng kaaway na diyablo at Satanas ang tao, sumusunod sa kasamaan. Para maging mga tunay na anak na gusto ng Diyos, dapat nilang iwaksi ang makalaman na katangian at likas na kasalanan. Dapat nilang ibalik ang orihinal na malinis na puso.

Ipagkakaloob ng Diyos ang Tulong na Banal na Espiritu bilang handog sa kahit na sinong tatanggap kay Jesu-Cristo, kikilala sa mga kasalanan nila, at magsisisi. Tutulungan sila ng Diyos na makamit ang karapatan, kapangyarihan, at mga biyaya para maging mga anak Niya. Kung hindi natin tatanggapin ang tulong ng Espiritu, hindi tayo makakapanalangin nang may kapangyarihan, hindi natin mauunawaan ang Salita ng Diyos, hindi tayo magkakaroon ng lakas para sundin ang Salita ng Diyos na nakasulat sa Biblia.

Magiging tunay na mga anak tayo ng Diyos sa pamamagitan ng pangangalaga kung tatanggapin natin ang Banal na Espiritu at magtitiwala kay Jesu-Cristo. Kapag susundin natin ang Salita ng Diyos sa tulong ng Banal na Espiritu, magkakaroon tayo ng buhay at kapayapaan at aapaw ang kagalakan at mga pagpapala sa atin. Kapag susuway tayo sa Banal na Espiritu magkakaramdam tayo ng kalungkutan at pagkabalisa. Pero kahit mangyari ito, nananalangin ang Espiritu para sa mga mananampalataya at tinutulungan silang tumanggap ng pagpapala at kalakasan (Mga Taga-Roma 8:26).

Kumilos ang Banal na Espiritu kasama ng Diyos nang likhain ng Diyos ang tao. Sinimulan nila ang pangangalaga at gumawa ng maraming bagay kahit noon pang panahon ng Lumang Tipan. Maalab ang pagkilos ng Panginoon mula ng Siya'y mabuhay muli hanggang sa pag-akyat Niya. Tinutulungan Niya ang mga tao na maglinis ng mga puso nila, inaalagaan Niya ang mga ito para makamit ang pagpapabanal para maging tunay na mga anak. Gayon pa man, ang gawain ng Banal na Espiritu ay hindi pang-magpakailanman. Dapat nating malaman na hihinto ito kapag bumalik ang Panginoon mula sa langit. Dahil dito, dapat magsikap ang mga mananampalataya na maging handa bilang mga babaing papakasalan ng Panginoon.

# “Gumaling ang pananamlay ko at bumalik ang pandinig ko”

Diakonesa Malhee Park (61 taon gulang, 2-19 Parish, South Korea)

Naunawaan at naranasan ko ang pag-ibig ng Panginoon at ng Espiritu pagkatapos ng 20 taong pagdalo sa simbahan. Pero panandalian lang ito, nawala din kaagad ang pagiging puspos ko ng Espiritu.

Noong panahong iyon, naglalasing ang asawa ko dahil nalugi ang negosyo niya at lumipat ang panganay na anak kong babae sa Estados Unidos nang mag-asawa siya. Wala akong maasahan. Palipat-lipat din kami ng tirahan. Dahil may ugali akong hindi maganda, hindi ko kinakausap ang asawa ko. Naging dahilan ito para makaranas ako ng sobrang pananamlay. Gusto kong mamatay.

Samantala, dumalo ako sa malalaking simbahan, gusto kong malaman ang mga dahilan kung bakit hindi ko maramdaman ang mga biyayang binabanggit sa Biblia. Nagbasa ako ng maraming libro na may kinalaman sa pananampalataya. Hinanap ko ang mga kasagutan doon. Pero hindi nakatulong ang mga ito sa kalungkutan ko.

Hanggang sa narinig ko ang tungkol sa Manmin Central Church mula sa kaibigan ng kapatid kong babae. Siya ay ang Punong Diakonesa Boksoon Choi. Pakiramdam ko, mabubuhayan ako ng loob kung dadalo ako sa simbahang ito.

### Nakalaya ako sa depresyon nang makilala ang tunay na pastol

Noong Oktubre 2004, hinaplos ng unang pagsamba ko sa Manmin Central Church ang puso ko. Nasa mensahe ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang perpektong tiwala at pananampalataya sa Diyos at pagmamahal sa Panginoon. Lumuha siya habang inihahatid ang pag-ibig ng Panginoon. Humanga ako sa pagpapakumbaba at ugali niyang puno ng pagpapala.

Pagkatapos, binasa ko ang librong tungkol sa patotoo niya na *Tasting Eternal Life before Death*, naunawaan ko ang tungkol sa pananampalataya dahil dito. Habang



binabasa ko ang *The Measure of Faith*, sinuri ko ang antas ng pananampalataya ko. Natanto ko kung bakit hindi napapasaakin ang mga biyaya na binabanggit sa Biblia. Naging masiyahin ako at napuspos ng Espiritu. Naging masaya ako dahil nalaman at naunawaan ko ang salita ng Diyos dahil sa mga sermon. Isinusulong ko ngayon ang buhay na may pananampalataya. Ni hindi ko na napansin kung kailan nawala ang depresyon ko.

### Pagkatapos ng 30 taon, naranasan ko ang pagbalik ng pandinig ko

Masaya ako sa pagdalo ko ng pulong-panalanging Daniel tuwing gabi. Naging lider ako ng isang maliit na grupo at masaya ako sa paggawa ng tungkulin ko. Samantala, gumaling ang matigas at masakit kong balikat, lumago din ang pagtubo ng buhok ko. At bumalik ang pandinig ng kaliwang tainga ko.

Nasira ang pandinig ko may 30 taon na ang nakakaraan dahil sa matinding pagkabigla. Ipinayo sa akin ng ospital na magpalagay ng artipisyal na ‘tympanum’ sa tainga, pero dahil wala naman akong ganang mabuhay, hindi ako nagpa-opera. Kapag napapasukan ng tubig ang tainga ko o kaya kapag pagod ako, nagkakaroon ng impeksyon sa loob nito. Nang dumalo ako sa Manmin, gumaling ito. Pero hindi malinaw ang pandinig ko sa kaliwang tainga, kaya palagi akong tumatanggap ng panalangin para sa maysakit.

Noong Hunyo 2013, habang nagtatrabaho ako sa kusina, biglang nakarinig ng malakas na tunog ang kaliwang tainga ko! Nabigla ako, pinakinggan ko ang cell phone ko sa taingang ito, malinaw ang pandinig ko! Mas bumuti pa ang pandinig ko pagkatapos kong tanggapin ang panalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee sa unang araw ng retreat sa tag-init ng Manmin na idinaos noong Agosto 2013. Parang panaginip lang lahat ng nangyayari.

Lahat ng pagpapasalamat at luwalhati ay ibinibigay ko sa Diyos, na pumapatnubay sa akin para makilala Siya at maranasan ang pag-ibig ng Panginoon sa pamamagitan ng tunay na pastol. Masaya na ngayon ang buhay ko bilang isang Cristiano.

# “Nagbago ako nang makilala si Dr. Jaerock Lee”



Pastor Dawson Samson, Punong Pastor, Grace Assembly of God Church, India

Ipinanganak at pinalaki ako sa isang Cristianong pamilya, 40 taon na akong nagpapastor. Nagkaroon ng isang malaking pangyayari sa buhay ko na nagdala ng pagbabago sa ministeryo ko.

Ito ay nang makilala ko si Dr. Jaerock Lee. Sinasabi kong naglilingkod ako sa Panginoon, pero hindi ko natutulungan ang mga kaluluwa. Pero iba siya.

Noong 2001, dumalo ako sa seminar ni Dr. Jaerock Lee para sa mga pastor at sa krusada ng pagkakaisa sa Kenya. Naantig ang damdamin ko sa pagpapahayag niya na ang Diyos ay buhay at si Jesus ang Tanging Tagapagligtas natin. Pagkatapos may mga napagaling mula sa mga sakit na hindi na kayang gamutin tulad ng AIDS. May mga taong nakalakad at nakatalon, hindi na nila kailangang umasa sa saklay at silyang may gulong. Namangha ako sa mga patotoo nila. Noong Hulyo 2001, itinalaga sa India Manmin Central Church si Pastor Joseph J. Han bilang misyonero. Masaya ako, tinulungan ko siyang mapalagay ang loob sa lugar na ito.

Noong taong 2002, idinaos ni Dr. Jaerock Lee ang pista ng mahimalang pagpapagaling at pananalangin sa India. Ito ang krusadang pinakamalaki, pinakamaganda, at pinakamaraming dumalo sa buong kasaysayan ng Cristianismo sa India. Nakatawag ng mahigit sa tatlong milyong tao ang napakalaking krusadang ito. Hindi mabilang ang mga napagaling mula sa mga karamdaman at naging Cristiano. Tinanggap nila ang Panginoon at niluwalhati ang Diyos. Pinag-uusapan pa rin ito sa buong bansa kahit 11 taon na ang nakalipas.

Noong Oktubre 2013, nagkaroon ako ng pagkakataong bumisita sa Manmin Central Church sa Seoul, South Korea. Matagal kong hinangad ito. Naantig ang damdamin ko sa mensahe ni Dr. Lee at sa paglilingkod at pag-ibig niya para sa mga miyembro ng iglesya. Siya ay tunay na lingkod ng Diyos na lumalakad kasama Niya.

Nagsilbing pagbabago sa pagmiministeryo ko ang Punong Pastor Dr. Jaerock Lee, ang pastor na may kapangyarihan. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos na pumapatnubay sa akin sa tamang daan.

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Peter Bae
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714